



PAGBUO NG GLOSARYO NG MGA SALITANG GINAGAMIT NG MGA BALAYEÑONG MANGINGISDA

**ANACLETO D. CABRAL¹, ELLA JANE D. MANDAC², KENNETH V. MARQUEZ³,
JESS V. MENDOZA⁴**

anacleto.cabral@g.batstate-u.edu.ph¹, ellajane.mandac@g.batstate-u.edu.ph²,
kenneth.marquez@g.batstate-u.edu.ph³, jess.mendoza@g.batstate-u.edu.ph⁴
<https://orcid.org/0000-0002-4721-8758>¹, <https://orcid.org/0000-0002-0501-6314>⁴
Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro, Pambansang Pamantasan ng Batangas

ABSTRAK

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang makabuo ng isang glosaryong babasahin ng mga salitang ginagamit ng mga Balayeñong mangingisda, matukoy kung saang bahagi ng panalita nabibilang ang mga salitang nakalap, mabigyan ng natatanging kahulugan at maipabalideyt ang glosaryong nabuo. Ang nasabing pananaliksik ay nasa kuwalitatibo at kuwantitatibong disenyo at ginamitan ng convenience sampling sa pagpili ng mga kalahok. Ang bilang ng mga kalahok ay may kabuoang 30, kung saan 25 ay mga mangingisda na nagmula sa mga baybaying barangay ng Balayan, Batangas at limang guro na silang nagsilbing eksperto at nagbalideyt ng nabuong glosaryo upang makita kung naging katanggap-tanggap ang kabuoan ng awtput. Matapos maisagawa ang pangangalap ng datos, nakalikom ng 170 na mga salita ang mga mananaliksik ngunit 91 lamang dito ang pinili at isinama sa glosaryo dahil may mga pagkakataong nauuulit ang ibang mga salitang naibahagi. Sa balidasyon ng pagtingin sa acceptability sa pagpapakahulugan sa mga salita sa nabuong glosaryo, mula sa 91 na mga salita ay lumabas na 89 ang lubos na tinanggap ng mga mangingisdang kalahok at dalawa naman sa mga ito ang tinanggap. Samantala, sa 67 na mga nailakip na larawan, lumabas na 66 dito ay lubos na tinanggap ng mga mangingisda. Gayundin upang makita naman ang usability ng nabuong glosaryo, kasama ang istruktura, kaayusan, pormat, at kaangkupan ng nilalaman ng nabuong glosaryo, lumalabas na lubos na sinang-ayunan ng mga guro ang pangkalahatang katangian ng nabuong glosaryo ng mga salitang ginagamit ng mga Balayeñong mangingisda.

Keywords: lexicography, glossary, fisherfolk's terminologies, mixed method, Philippines